



MUNICIPALITY OF BALIWAG



LALAWIGAN NG BULACAN
Pamahalaang Bayan ng Baliwag
TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BLG. 17 S. 2020

KARAGDAGANG ATAS, TAGUBILIN AT MGA PAGLILINAW UKOL SA *ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE* SA BAYAN NG BALIWAG

SAPAGKAT, ang Executive Order no. 16 series of 2020 at isang Resolusyon ng Sanggunian Bayan ay may mga probisyong taliwas at hindi magkatugma na nagdudulot o maaaring magdulot ng kalituhan sa publiko;

SAPAGKAT, may panawagan na mas paigtingin ang mga regulasyon ukol sa *Enhanced Community Quarantine* dahil sa patuloy na pagtaas ng bilang ng mga *Covid Infected Persons* sa bansa at bilang naman ng mga PUI o *persons under investigation* sa Bayan ng Baliwag at ang nakababahalang pagtaas ng bilang ng mga namamatay dahil sa sakit na pneumonia o acute respiratory syndrome sa buwan ng Pebrero hanggang kasalukuyan;

SAPAGKAT, maaaring ang dahilan kung bakit iisa pa lamang ang naitatalang kumpirmado sa COVID-19 ay dulot ng kakulangan ng *testing kits* na para dito;

KUNG KAYA'T, AKO SI, FERDINAND VICEO ESTRELLA, Punongbayan ng Baliwag, sa bisa ng kapangyarihan nakaatang sa akin sa ilalim ng Saligang Batas at mga batas na pinairal ay nagtatakda ng mga sumusunod:

SEKSIYON 1. PAMAGAT. KARAGDAGANG ATAS, TAGUBILIN AT MGA PAGLILINAW UKOL SA *ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE* SA BAYAN NG BALIWAG.



Serbisyong May Malasakit!

SEKSIYON 2. MGA ATAS AT KARAGDAGANG PAGLILINAW.

2.1 ISKEDYUL NG OPERASYON NG PAMILIHANG BAYAN

2.1.1 PAGBUBUKAS AT PAGSASARA NG MGA ESTABLISYIMENTO: Ang mga pambayang pamilihan, bangko, sanglaan, palitan at padalahan ng salapi, *bills payment counters, hypermarket, supermarket, convenience stores, petshops, agri products, export manufacturing, business process outsourcing, logistics* at yaong mga “*exempted*” ay maaaring magbukas sa pagitan ng alas-singko ng umaga hanggang alas-tres ng hapon o (5am-3pm). Ang lahat ay dapat na magpataan at masigurong sarado at nakauwi bago mag alas tres ng hapon.

2.1.2. Ang mga bangko ay inaatasang magsasara sa ganap na ika-isa ng hapon (1:00PM) para sa kanilang pagbabalanse.


2.1.3. Ang mga botika na bukas sa loob dalawampu’t-apat oras (24) ay pinahihintulutang manatiling bukas.

2.2. Ang lokal na pamahalaan ay magpapatupad ng araw ng pamimili at limitadong pagbiyahe (limited mobility) sa kakaninilang kasamahang barangay alinsunod sa iniaatas sa ibaba:

Ang Baliwag Public Market Office, Baliwag Traffic Management Office at Barangay Poblacion ay magsasagawa ng checkpoint matapos na barikadahan ang pamilihan. Ang mga papasok sa pamilihan ay dapat sakto lamang upang mapatupad ang social distancing sa nasabing lugar. Makaraan lamang na makatapos ang mamimili at saka lamang maaaring makapasok ang mga iba pang mamimili.

Sa oras ng pamimili ay may itatakhang mga regulasyon sa pamilihing bayan tulad ng paglalagay ng barikada, pagkuha ng temperatura; paglalagay ng karagdagang hugasan sa mga pamilihing bayan;

Sa mga araw kung saan ay hindi itinakhang makapasok ang kinabibilangang barangay sa pambayang pamilihan, may mga establisyimentong maaaring puntahan bilang alternatibo.



Cluster 1 – Araw ng Pagpunta sa Bayan (Lunes)

Pinagbarilan Calantipe (Apalit)

Calantipay Balucoc (Apalit)

Matangtubig Catulinan

Alternatibong pamilihan: Puregold 1, Concepcion Talipapa, Talipapa sa mga Barangay

Cluster 2 – Araw sa Bayan Martes

Paitan Barangca Tangos

Hinukay San Roque Sto Niño

Piel Sullivan Tilapayong

Alternatibong Pamilihan: Tangos Ron-Ron, Sagrada, Puregold 3, Mga Talipapa sa Barangay

Cluster 3 – Miyerkules

Makinabang Tarcan Sta. Babara Tiaong

Alternatibong Pamilihan: Unitop, SM.Hypermarket (DRT Highway Puregold 1, Ultramega, Puregold 2, mga Talipapa sa Barangay

Cluster 4 – Huwebes

Sabang Subic Bagong Nayon Pagala

Mga Retailer buhat sa Bayan ng Bustos na may permiso

Alternatibong Pamilihan: Puregold 1 and 2 SM Hypermarket, Ultra Mega, Talipapa sa Barangay.



Cluster 5 - Biyernes

Tibag, San Jose, Poblacion

Cluster 6 - Sabado

Concepcion Virgen delas Flores Santo Cristo

Alternatibong Pamilihan: Puregold 1 and 2, SM Hypermarket, Ultra Mega, Talipapa sa Barangay.


2.3. Ang isang cluster barangay ay magpupulong sa paggabay ng Tagapangulo ng Lupon ng Kapayapaan at Kaayusan ng Sangguniang Bayan, at Pinuno ng Kapulisan upang stretihiyang paglalagay ng *barangay cluster border control* upang malimitan ang hindi mahalagang pagbyahe ng mga mamayan sa kanilang mga barangay at upang mas epektibong magamit ang pinagsanib na pwersa ng mga *Barangay Peace Keeping Action Team* ng isang cluster barangay.

2.3.1. Ang mga alternatibong mga pamilihan ay maaring magtakda ng *number scheme* (odd even scheme sa quarantine pass kung magkakaroon pa din ng malaking volume at patuloy na pagsasabalewala ng mga patakaran tulad ng social distancing);

2.3.2. Ang ibang tindero na naglalako sa pamamagitan ng mga kariton, at karamachog ay papayagan na makaikot sa mga barangay na hindi araw ng kanilang palengke. Subalit, kinakailangan itong sumunod sa presyo sa merkado at may kaukulang numero ng rolling store buhat sa *Baliwag Public Market Office*.

2.4. Ang mga Bangko sa Baliwag ay magbubukas lamang ng hindi hihigit sa tatlong beses lamang o mga Araw ng Lunes, Miyerkules at Biyernes lamang. Sa pagitan ng mga araw na ang bangko ay walang pasok ang *border control* ay hindi magpapasok sa Bayan ng Baliwag.

2.5. Oras ng Curfew. Ang lahat ng kalsada ay isasara pagtuntong ng alas tres ng hapon hanggang alas singko ng umaga (3:00-5:00PM).



SEKSIYON 3. PAGKAKARON NG SCHEDULING NG MGA NAGTITINDA. Ang Tanggapan ng Pamilihing Bayan ay inatasan na bumuo ng talaan ng mga nagtitinda at ang kani kanilang mga nakatakdang araw ng pagtitinda. Ang mga hindi nakalista sa opisyal na iskedyul ay maari na lamang magdeliver sa kanilang mga suki.


SEKSIYON 4. PAGBABANTAY NG MGA TARANGKAHAN.

Ang mga PNP Baliwag ay magtatalaga ng PNP Personnel sa lahat ng hangganan sa Bayan ng Baliwag. Sa oras na may kakulangan, maaaring patauhan ang maliliit na lagusan sa mga hangganan ng bayan sa *Barangay Peace Action Keeping Force* kasama ang *Baliwag Traffic Management Office* at *Iba pang Civil Society Groups*.

SEKSIYON 5. Ang mga sumusunod ay mahigpit na ipinagbabawal sa Bayan ng Baliwag:

1. Pagdura sa lansangan at pampublikong lugar ;
2. Paglabas sa panahon ng kanilang quarantine;
- 3 Paglabas ng nakahubad;
- 4 Pagmumura, pambabastos at pananakit ng awtoridad;
5. Hindi tamang deklarasyon ng kanilang pinanggalingan;
6. Pagsuway sa social distancing;
7. Pag aangkas sa motor, at pag aangkas ng higit sa isa para sa mga sasakyan apat kotse at kauri nito;
8. Pagbebenta ng alcohol o nakakalasing na inumin;
9. Pagsusugal.

SEKSIYON 6. PAGLABAG SA IKA-LIMANG SEKSIYON NG KAUTUSANG ITO. Inatasan ang mga Barangay at kanilang mga tanod, Baliwag Traffic Management Office, at PNP Baliwag ukol sa mahigpit na pagpapatupad ng mga probisyon ika-limang pangkat ng kautusang ito alinsunod sa R.A No. *11332 otherwise known as Mandatory Reporting on Notifiable Diseases, mga ordinansa at Revised Penal Code* at iba pang mga batas ng Republika ng Pilipinas.



SEKSIYON 7. MGA MAGMUMULA SA IBANG LUGAR. Sa pangunguna ng mga Barangay, inaatasan ang lahat upang maghigpit na bantayan ang mga dumarating mula sa Metro Manila, Baliwagneyomg OFW at iba pang lugar na may mataas na bilang mga positibo sa COVID-19.

SEKSIYON 8. PREPARASYON SA PAGTATAYO NG PASILIDAD PARA SA ISOLATION AREA. Ang Tanggapan ng Pambayang Inhinyero sa pakikipagtulungan sa mga pribadong sektor kasama na ang mga may-ari ng ospital ay inaatasang magsusumite ng plano at mabilisang mobilisasyon para sa pagtatayo ng *isolation area*.

Ang Pambayang Tanggapan sa Kalusugan at Tanggapan ng Pambayang Inhinyero ay magpapaapruba ng disenyo ng pasilidad para sa *isolation* sa *Task Force COVID-19* at mga kabalikat na pribadong lupon sa loob ng *Dalawampu't Pitong (72) hours* mula sa pagkakalagda ng kautusang ito.

Habang isinasaayos ang proyektong ito ay kasalukuyang itinatalaga ang Baliwag Malasakit Center bilang *Isolation Center* ng Baliwag.


SEKSIYON 9. PAGSUSURI. Ang Pambayang Tanggapan ng Kalusugan ay inaatasang manguna sa paghahanap ng pinakamadali at akses ng mga PUI sa mandatory testing swab o CT scan para sa tamang identipikasyon ng kaso sa lokal na pamahalaan.

SEKSIYON 10. KALINGA SA NAMATAYAN SA PANAHON NG COVID.

10.1 TULONG PINANSIYAL SA MGA NASAWI, PANGANGALAGA SA LABI AT NAULILA. Ang *Municipal Social Welfare and Development Office* ay tutulong sa pagproseso ng labi hanggang sa *Cremation Service*. Kung kailangan ay makipagtulungan sa barangay upang magbigay ng transportasyon. Ang *Local Civil Registry* ay tutulong sa pagproseso ng *death certificate* lalo na kung ang pamilya ay hindi makakatupad dahil sa quarantine order.

10.2. Kung ang nasawi ay dahil sa Covid19, matapos ang cremation service ang libing ay maaaring ipagpaliban.

10.3. Kung ang sanhi ng kamatayan ay hindi covid, marapat na sundin ang *social distancing rule* at ang oras ng pag-lilibing. Nililimitahan lamang ang maaaring dumalo



sa simbahan ng hindi tataas sa sampu batay sa kalatas ng simbahan katoliko. Ang mga makikipaglibing naman ay dapat kapamilya lamang.

Maaring iiskedyul ang libing sa pagitan ng alas tres ng hapon hanggang alas singko (3:00-5:00PM) at ipagbigay-alam sa kapitan at BTMO para sa *passes* ng sasakyan at ruta.

SEKSIYON 11. AYUDA SA MGA JOB ORDERS NG PAMAHALAAN. Alinsunod sa AO26, sa paglalaan ng Sangguniang Bayan at pagkakaroon ng pondo, ang mga job orders ay makakatatanggap ng hindi tataas sa 500 pisong ayuda kung ang kanilang gampanin ay kinakailangan ay ayon sa itinakda ng Baliwag Taskforce on Covid.


SEKSIYON 12. MGA MAMAYANG MAY EDAD LIMAMPU'T LIMA PATAAS AT MAY MGA KARAMDAMAN. Batay sa mga tala, ang mga nasa edad limampu't-lima pataas pati ang mga may kaakibat na kondisyon katulad ng diabetes, hypertension, immunocompromised, kidney failure at kasalukuyang sumailalim sa chemotherapy o may HIV ay ang pinaka madaling mahawahan at kapitan ng COVID-19. Kung kaya't ang mga nabanggit ay patuloy na pinag-iingat at hindi pinapayagang mag punta sa mga pampublikong lugar. Maging responsible ang lahat sa pagpapatupad ng probisyong ito.


SEKSIYON 13. BALIWAG RELIEF. Tungkulin ng ating pamahalaan at ng bawat isa ang masigurong walang magugutom na Baliwagenyo. Sa panahon ng quarantine ay pinapatigil ang mamamayan sa kanilang mga tahanan upang hindi makahawa ng sakit.

Ang Lokal na Pamahalaan ng Baliwag ay magpapamahagi ng RELIEF GOODS sa bawat tahanan depende sa bilang ng pamilya o tao na nakatigil o naninirahan sa panahon ng ECQ. Ang pamamahagi ay walang apilasyon o relihiyon kasarian, idad, partido o kulay pulitika na paairalin

Para sa mas malinaw na paggabay gagamitin ang mga sumusunod na pamantayan:

1. Ang isang tahanan na may isang pamilya at mayoong dalawa o tatlong anak ay tatanggap ng isang pak.
2. Mag-asawa na may apat na anak at pataas ay tatanggap ng 1 pack at karagdang 1 pack.
3. Ang isang tahanan na may dalawang pamilya na binubuo ng magulang (ama at ina) at nag-asawang anak ay tatanggap ng isang pack.



- 
4. Ang mag-asawa na may dalawang anak at may kasamang lolo at lola ay tatanggap ng dalawang pack.
 5. Ang isang tahanan na may tatlog pares ng mag-asawa at ang isa ay may isang anak ay tatanggap ng dalawang pack.
 6. Ang isang tahanan na mayroon lamang isang nakatira o dalawa ay tatanggap ng isang pak.
 7. Ang isang tahanan na may nakatirang sampung tao na hindi magkakarelasyon ay tatanggap ng dalawang pack.
 8. Ang isang tahanan na may kasambahay ay mayroong tungkulin na bigyan ng sapat na allowance at hazard pay kung sila ay nauutusang bumili ng kanilang mga probisyon sa labas ng tahanan.

13.1 Special Relief. Ang mga bata, may sakit sa puso, sanggol, matatanda na may espesyal na diet o nutritional requirements ay mangyaring makipag-ugnayan sa ating hotline 0917 505 7827.

13.2. Breastfeeding. Hindi po pinapayuhan ang mga ina na gumamit ng mga milk formula. Mayroon po tayong mga nursing mothers na maaaring makipag-ugnayan sa Baliwag Hotline o sa facebook page na www.facebook.com/ferdievestrella.

13.3. Ang mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Baliwag na taga Baliwag o hindi ay maaaring bigyan ng relief goods lalo na ang mga nasa frontline service.

SEKSIYON 14. BALIWAG OFW CONCIERGE. Ang Public Employment Service Office ay sisiguraduhing mabibigyan ng sapat na assistance ang mga OFWs na Baliwagenyong mula sa pagsundo sa kanila sa paliparan hanggang sa kanilang pagquarantine at paguwi sa kanilang pamilya matapos na sila ay makapagquarantine.

SEKSIYON 15. ALMUSHARE. Ang pakikipagtulungan sa pribadong sektor at pamahalaang barangay ay kinakailangan upang masigurong buhat pa lamang sa agahan ay walang Baliwagenyong kakalam ang sikmura.

SEKSIYON 16. DOOR TO DOOR, CONTACTLESS DELIVERY at ROLLING STORE. Ang BTMO at Baliwag Public Market ay magbubuo ng mga isang puwersa mula sa mga toda na maaaring magpabili at magpadala upang maiwasan ang paglabas ng mga tao.

SEKSIYON 17. BALIWAG DISINFECTION SERVICE at PAMAMAHALA NG MGA BASURANG NAKAKAHAWA at PANGBAHAY. Paiigtingin ng Baliwag MENRO at Bureau of Fire Protection Baliwag ang paglilinis at pagdisinfect ng mga kalsada, pampublikong lugar, railings, bangko at iba pang mahahalagang lugar kasama na rin ang lahat ng mga sasakyan na ginagamit ng mga departamento sa pagtupad sa kanilang mga tungkulin.

Ang mga hangganan ay magkakaran ng lagusan na may disinfection mist. Gayon din sa mga entrada ng public market, pamahalaang bayan, PNP at Star Arena at Malasakit.

17.1. PANGKALIGTASAN. Ang lahat ng mga kawani ay bibigyan ng kani-kanilang mga *personal protective equipment*. Ang *Human Resources Management Office* ay magtatalaga ng dalawang *SAFETY OFFICER* upang masiguro na ang lahat ay sumusunod sa *safety protocols*. Ang kawani na patuloy na ipinagsasawalang bahala ang kaligtasan ng sarili ay kakasuhan ng administratibo o criminal;

17.2. ANG SOLIDWASTE MANAGEMENT OFFICE ay magtatakda sa tamang pamamahala ng mga basura. Hindi dapat buksan ang mga basura o halukayin dahil sa posibleng kontaminasyon;

17.3. PROBISYON SA PALIGUAN. Upang makasiguro na hindi makakapaguwi ng virus buhat sa pagtupad ng tungkulin, ang General Services Office ay inaatasang maisakatuparan ang pagtatayo ng pansamantalang paliguan para sa lalaki at babae. Ang mga damit ay isusupot at seselyohan ng maayos at lalabhan kaagad gamit ang sabon, tubig at disinfectant.


SEKSIYON 18. SUGNAY NA NAGBUBUKOD. Kung alinman sa seksiyon o bahagi nitong Atas ay ipinahayag na salungat sa Konstitusyon o walang bisa, ang ibang seksiyon o tadhana na hindi naapektuhan ay mananatiling umiiral at may bisa nang lubos.



SEKSIYON 19. SUGNAY NA NAGPAPAWALANG-BISA. Ang lahat ng atas, tuntunin at patakaran, mga pahayag o anumang bahagi niyon na hindi sumasang-ayon sa mga tadhana nitong Atas Tagapagpaganap ay pinawawalang-bisa, sinususugan o binabago nang nararapat.


SEKSIYON 20. PAGKAKABISA. Ang Atas na ito ay magkakamagkakabisa sa Lunes, Marso 30, 2020 at mananatili hanggang nakataas ang State of Public Health Emergency at Enhanced Community Quarantine sa Luzon o sa ating Lalawigan.

NILAGDAAN, sa Bayan ng Baliwag ngayong ika- 27 ng Marso, taon ng ating Panginoon Dalawang Libo at Dalawampu.


FERDINAND V. ESTRELLA
Punongbayan



Nilagdaan ng Punongbayan:


ENRIQUE V. TAGLE
Pambayang Tagapangasiwa